	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	**2024-0009**
	Title	**Implementing Guidelines on the Case Rates for Bronchial Asthma in Acute Exacerbation**

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng polisiyang ito?	Upang ipatupad ang tamang case rate para sa Bronchial Asthma in Acute Exacerbation at matiyak ang kalidad ng serbisyong medikal na ibinibigay ng mga accredited health facilities.
2. Paano babayaran ang benepisyo para sa Bronchial Asthma in Acute Exacerbation at ano ang mga nakapaloob dito?	Babayaran ang benepisyo sa pamamagitan ng case-based payment. Sakop nito ang pagbabayad ng mga kaukulang serbisyong medikal sa basic o ward accommodation at ang minimum na standards ng pangangalaga sa pasyenteng may Bronchial Asthma in Acute Exacerbation. Babayaran ng PhilHealth ang buong halaga ayon sa nakalathalang halaga (P22,488).
3. Ano ang co-payment o ang out-of-pocket expense?	Halagang sagot ng pasyente/miyembro para sa mga serbisyong lagpas sa nakatakdang case rate katulad ng pag-a-upgrade ng kwarto mula sa basic ward/accommodation, mga gamot na wala sa Philippine National Formulary (PNF), mga laboratory test o imaging na walang kaugnayan sa pagma-manage ng Bronchial Asthma in Acute Exacerbation, at pagpili ng doktor. Ang mga ito ay magiging co-payment o out-of-pocket expense na sasagutin ng pasyente/miyembro.
4. Ano ang mga serbisyong hindi sakop ng pagbabayad ng benepisyo para sa Bronchial Asthma in Acute Exacerbation?	Mga karagdagang serbisyo na lagpas sa minimum standards of care kagaya ng amenities, pagpili ng sariling doctor, at iba pang karagdagang serbisyong hindi kailangan sa paggamot ng kundisyon.
5. Ano ang mga kailangang ihanda ng health facilites para maibigay ang naaayon na serbisyong medikal para sa kondisyong ito?	Dapat siguruhin ng mga ospital na mayroon silang stock ng essential at life-saving medicines at supplies, diagnostic services, o laboratories sa lahat ng pagkakataon para maibigay ang de-kalidad na serbisyong medikal sa pasyente.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	**2024-0009**
	Title	**Implementing Guidelines on the Case Rates for Bronchial Asthma in Acute Exacerbation**

<table>
<tr><th>Tanong</th><th>Sagot</th></tr>
<tr><td>6. Mababayaran ba ng PhilHealth ang professional fee (PF) ng mga doktor?</td><td>Kasama sa inpatient package na ibabayad ng PhilHealth sa ospital ang PF ng mga doktor. Ang claim reimbursement ay direktang ibabayad sa hospital at responsibilidad nito ang pamamahagi ng PF sa mga attending physicians, o health workers sa government hospitals, base sa kanilang kasunduan at proseso.</td></tr>
<tr><td>7. Ano ang kahalagahan ng ICD10 codes sa polisiya?</td><td>Ito ang magsisilbing gabay ng mga Health Facility para tamang ma-encode tamang benepisyo para sa pasyente.</td></tr>
<tr><td>8. Magkano ang benepisyo para sa Bronchial Asthma in Acute Exacerbation?</td><td>Ipinapakita sa table sa ibaba ang kaukulang rates para sa Bronchial Asthma in Acute Exacerbation, kasama ang mga kaukulang ICD codes at deskripsyon ng kundisyon.
<table>
<tr><th>ICD-10 Code</th><th>Description</th><th>Package Rate (Php)</th></tr>
<tr><td>J45.00</td><td>Predominantly Allergic Asthma; Allergic Bronchitis Nos; Allergic Rhinitis with Asthma; Atopic Asthma; Extrinsic Allergic Asthma; Hay Fever with Asthma; In Acute Exacerbation</td><td rowspan="6">22,488</td></tr>
<tr><td>J45.10</td><td>Nonallergic Asthma; Idiosyncratic Asthma; Intrinsic Nonallergic Asthma, In Acute Exacerbation</td></tr>
<tr><td>J45.80</td><td>Mixed Asthma, In Acute Exacerbation</td></tr>
<tr><td>J45.90</td><td>Bronchial Asthma, in Acute Exacerbation</td></tr>
<tr><td>J46</td><td>Status Asthmaticus; Acute Severe Asthma</td></tr>
</table>
</td></tr>
</table>

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	**2024-0009**
	Title	**Implementing Guidelines on the Case Rates for Bronchial Asthma in Acute Exacerbation**

Tanong	Sagot
9. Mababayaran ba ang kondisyong ito para sa confinement abroad?	Oo, base sa natitirang balanse na hindi covered ng ibang insurance ngunit hindi lagpas sa halaga ng case rate na nakasaad sa polisiya.
10. Mababayaran ba ang mga ospital na walang kapasidad na magbigay ng serbisyong medikal para sa Bronchial Asthma in Acute Exacerbation?	Kung ang pasyente ay ginamot sa mas mababang antas na pasilidad tulad ng mga primary care facility (PCF), infirmaries, at mga dispensary, babayaran sila ng PhilHealth gamit ang orihinal na rate na nagkakahalaga P9,000 na sasailalim sa pre-payment audit. Kailangang idetalye ng mga HF sa CF4 ang kumpletong pisikal na pagsusuri, kumpletong history, at physical examination pasyente.
11. Maaari bang maging pangalawang case rate ang Bronchial Asthma in Acute Exacerbation?	Hindi. Gayunpaman, kung ang Bronchial Asthma in Acute Exacerbation ay may 2nd case rate, ito ay babayaran gamit ang kasalukuyang mga panuntunan ng mga claim na may 2nd case rate.
12. Maaari bang mag-claim ng bagong benipisyo ang mga pasyenteng nanatili sa ospital ng hindi lagpas sa 24 hours	Ang mga pasyenteng na-admit at namatay nang walang 24 oras na confinement ay maaari pa ring makagamit ng benepisyo sa halagang Php5,200 (Resuscitation Package). Ngunit babayaran ng PhilHealth ang inpatient admissions na hindi bababa sa 24 oras na mayroong disposisyong “improved” na nakatala sa CF2 bago ma-discharge ang pasyente sa ospital. Kasama sa inpatient confinement ng Bronchial Asthma in Acute Exacerbation ang paglagi ng pasyente sa emergency room habang nilalapatan ng agarang gamutan upang makontrol ang sintomas ng asthma bago malipat sa napiling kwarto.
13. Kailan magagamit ang bagong benefit package ng BronchialAsthma in Acute Exacerbation?	Magagamit ito ng mga pasyenteng na-admit simula May 1, 2024.